Republic of the Philippines
# Department of Education
Region IV-A
SCHOOLS DIVISION OF QUEZON PROVINCE

**DIVISION ADVISORY NO. 076 , s. 2021**
June 11, 2021

In reference to the letter from Dr. Jose Antonio R. Clemente, President of National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc., inviting the teachers, employees and all Others Concerned of this Division

**PAMBANSANG KUMPERENSYA SA GINHAWA**

The Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP) will conduct its first "Pambansang Kumperensiya sa Ginhawa on the theme : " Ginhawa sa Panahon ng Pandemya: Pag-unawa at Pagtugon sa mga Hamong Dulot ng Pandemya" on July 1-3, 2021

For more information, please see the attached communication which are self-explanatory.

**ELIAS A. ALICAYA, JR. EdD**
Assistant Schools Division Superintendent
Officer-in-Charge
Office of the Schools Division Superintendent

ICT UNIT
DEPED QUEZON
Date/Time: 6/14/2021
By: Rommel
Ref. No: **DA 076, S. 2021**

cid-ims/fts/rqn/06/11/21

DEPEDQUEZON-TM-SDS-04-011-003

D0060321-101885

# PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO


*(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)*
4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City
Telefax: (02) 7255-7483 E-mail: sekretaryat@pssp.org.ph
Website: www.pssp.org.ph



**LUPON NG MGA KADIWA**
***(BOARD OF TRUSTEES)***
**2020-2021**

*Pangulo*
**Jose Antonio R. Clemente**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

*Pangalawang Pangulo*
**Darren E. Dumaop**
Pamantasang De La Salle

*Kalihim*
**Danielle P. Ochoa**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

*Ingat-Yaman*
**Michael David Tan Lopez**
Unibersidad ng Santo Tomas

*Mga Kasapi*

**Hadji A. Balajadia**
Pamantasang Ateneo de Davao

**Henmar C. Cardiño**
Unibersidad ng Santo Tomas

**Ricardo A. Clores**
Pamantasang De La Salle

**Carl O. Dellomos**
Pamantasang Normal ng Pilipinas

**Roberto E. Javier, Jr.**
Pamantasang De La Salle

**Argel B. Masanda**
Central Luzon State University

**Florabel S. Suarez**
Central Philippine University

**Homer J. Yabut**
Pamantasang De La Salle

*Ex-Officio*
**Jay A. Yacat**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

**Danice D. Loria**
Pangulo, TATSULOK

*Sekretaryat*
**Kenneth Carlo L. Rives**
**Maristela F. Talampas**

*Pangulong Tagapagtatag*
**Virgilio G. Enriquez (+)**
Ama ng Sikolohiyang Pilipino


Ika-2 ng Hunyo 2021

Sa kinauukulan:

Isang mainit na pagbati mula sa pamunuan ng **Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP)**.

Taon-taon, nagtataguyod ang PSSP ng mga gawaing naglalayong palaganapin ang Sikolohiyang Pilipino (SP) sa iba't ibang sektor ng lipunan bilang isang inter-disiplinaryo at maka-Pilipinong pananaw at pamamaraan. Katuwang ang **UP Diliman Psychosocial Services (UPD PsycServ)**, isasagawa po ng PSSP ngayong taon ang kauna-unahang Pambansang Kumperensiya sa Ginhawa na may temang **"Ginhawa sa Panahon ng Pandemya: Pag-unawa at Pagtugon sa mga Hamong Dulot ng Pandemya"** na gaganapin sa 1-3 Hulyo 2021.

Layunin ng kumperensiyang ito ang magbigay ng pagkakataon para sa pagbabahagi ng mga pananaliksik at karanasang pang-praktika na may kinalaman sa: (i) pag-unawa sa karanasan ng pandemya para sa mga Pilipino, (ii) mga modelo at pamamaraan ng pagpapaigting ng nakagiginhawang pag-angkop at paglago sa iba't ibang aspeto ng buhay tulad ng sa sarili, pamilya, komunidad, at pinagtratrabahuhan, at (iii) mga batayang panuntunan sa pangangalaga at pagsulong ng ginhawa sa panahon ng pandemya.

Kaugnay nito, nais naming anyayahan ang inyong mga kaguruan, kawani, at mag-aaral na dumalo sa nabanggit na kumperensiya. Ang bayad sa pagdalo ay **Php900** (Kasaping Panghabambuhay ng PSSP; Kasapi ng PSSP na bayad ng *membership fee* sa taong 2021), **Php1,200** (Di-Kasapi; Kasapi ng PSSP sa mga nakaraang taon pero HINDI bayad ng membership fee sa taong 2021) at **Php1,900** (may kasamang *membership* sa taong 2021). Ang lahat ng interesadong dumalo ay kailangang magpatala sa *online form*: **bit.ly/Ginhawa2021.**

Maaari pong magdeposito/mag-transfer ng bayad sa aming Chinabank *account*:

> *Account Name:* **National Association for Sikolohiyang Pilipino Inc. (Alternatibong Account Name: NASPI)**
> *Account Number:* **114202018446 (Savings Account)**
> *Branch:* **Corinthian Hills, Quezon City**

Umaasa po kami sa inyong positibong tugon. Maraming salamat po.

Lubos na gumagalang,

**Dr. Jose Antonio R. Clemente**
Pangulo

/kdro9


DepEd Quezon SDS OFFICE RECEIVED 14 JUN 2021 Date/Time By

DepEd Quezon CID RECEIVED JUN 03 2021 Date/Time By

DepEd Quezon SDS OFFICE RECEIVED Date/Time JUN 02 2021 By

DepEd Quezon DEPED - QUEZON ICT UNIT DOWNLOADED Date/Time: 6/2/2021 By: Rommy

**PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO**
*(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)*
4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City
Telefax: (02) 7255-7483 E-mail: sekretaryat@pssp.org.ph
Website: www.pssp.org.ph

## TENTATIBONG PROGRAMA
## Unang Pambansang Kumperensiya sa Ginhawa
## Ginhawa sa Panahon ng Pandemya: Pag-unawa at Pagtugon sa mga Hamong Dulot Nito
## 1-3 Hulyo 2021

| 1 Hulyo 2021 (Huwebes) | |
|---|---|
| 8:30 – 8:40 n.u. | Paghahanda |
| 8:40 – 8:50 n.u. | Pambansang Awit |
| 8:50 – 9:00 n.u. | Pambungad na Pananalita |
| 9:00 – 9:30 n.u. | Pangunahing Pananalita<br><br>**May Ginhawa Nga Ba sa Panahon ng Pandemya?**<br>*Violeta V. Bautista, Ph.D., R.Psy., Prof. Emeritus* |
| 9:30 – 9:45 n.u. | Ritwal |
| 9:45 – 11:15 n.t. | **Pagtalakay sa Kabalintunaan ng Pandemya: Pagtahak sa mga Landas Tungo sa Pagpapangibabaw ng Ginhawa**<br><br>**Paano Tayo Matututo Ngayon?: Paglilinaw sa Sikolohiya at Pilosopiya ng Edukasyon sa Panahon ng Pandemya**<br>*Divine Love Salvador, Ph.D., R. Psy.*<br><br>**Paano Tayo Maghahanap-Buhay Ngayon?: Paglilinaw ng Ugnayan ng Ginhawa sa Pagtatrabaho sa Panahon ng Pandemya**<br>*Rene S.L. Resurreccion, M.A.*<br><br>**Paano Tayo Mabubuhay sa Ating mga Komunidad at Bilang Isang Bansa Ngayon?: Ginhawa sa Buhay ng Komunidad at Bansa sa Panahon ng Pandemya**<br>*June Caridad Pagaduan-Lopez, M.D.* |
| 11:15 – 12:00 n.t. | Malayang Talakayan |
| 12:00 – 12:15 n.t. | Pangwakas na Ritwal |
| **2 Hulyo 2021 (Biyernes)** | |
| 8:25 – 8:35 n.u. | Paghahanda |
| 8:35 – 8:45 n.u. | Pambansang Awit |
| 8:45 – 9:00 n.u. | Ritwal |
| 9:00 – 10:30 n.u. | Sabayang Sesyon 1 |
| 10:30 – 12:00 n.t. | Sabayang Sesyon 2 |

| 3 Hulyo 2021 (Sabado) | |
|---|---|
| 8:25 – 8:35 n.u. | Paghahanda |
| 8:35 – 8:45 n.u. | Pambansang Awit |
| 8:45 – 9:00 n.u. | Ritwal |
| 9:00 – 11:00 n.t. | Sabayang Sesyon 3 |
| 11:00 – 12:00 n.t. | Pag-uusap Tungo sa Patuloy na Pagkakaisa Tungo sa Ginhawa |
| 12:00 – 12:15 n.t. | Ritwal ng Pagtatapos |

## ABSTRAK NG MGA SESYON

**May Ginhawa Nga Ba sa Panahon ng Pandemya?**

*Violeta V. Bautista, Ph.D., R.Psy., Prof. Emeritus*
*UP Diliman Departamento ng Sikolohiya at UP Diliman Psychosocial Services (UPD PsycServ)*

Tatalakayin ng Keynote ang hamon ng ginhawa sa panahon ng pandemya. Ipapaliwanag ang kahulugan ng ginhawa bilang kaisipang katapat ng mental health at wellbeing sa larangan ng Sikolohiyang Pilipino. Lilinawin ang mga landasin tungo sa pagpapayaman nito sa panahon ng pandemya at bibigyan ng tuon sa usapan ang iba pang mga sikap na may ganitong layunin. Tatalakayain na malay sa pananagutan at malikhaing pagbubuo ng "new and better normal" ang kabalintunaan ng mga trahedya tulad ng pandemya at kung paanong ang bahaging nakahihikayat ng ginhawa ang makapangingibabaw.

**Paano Tayo Matututo Ngayon?: Paglilinaw sa Sikolohiya at Pilosopiya ng Edukasyon sa Panahon ng Pandemya**

*Divine Love Salvador, Ph.D., R. Psy.*
*UP Diliman Departamento ng Sikolohiya at UP Diliman Psychosocial Services (UPD PsycServ)*

Hinihimok tayo ng panahon ng pandemya at kasama nitong mga pagbabago sa mga paraan ng pag-aaral at pagkatuto na itanong sa ating mga sarili kung ano nga ba ang tunay na ibig sabihin ng pagkakaroon ng edukasyon? Posible, at kailangan ba, ang nakagiginhawang pagkatuto? Bibigyang pansin sa sesyong ito ang hamon ng paglilinaw ng pilosopiya at sikolohiya ng pagkatuto na nagbibigay halaga sa papel ng ginhawa o mental health at wellbeing. Lilinawin ang ilang mga hadlang sa pag-aaral at pagkatuto sa mga institusyon ng edukasyon bago pa dumating ang pandemya. Lilinawin din ang landasin tungo sa mapagpala at nakagiginhawang pag-aaral sa panahon ng pandemya at kahit matapos ito.

**Paano Tayo Maghahanap-Buhay Ngayon?: Paglilinaw ng Ugnayan ng Ginhawa sa Pagtatrabaho sa Panahon ng Pandemya**

*Rene S.L. Resurreccion, M.A.*
*Director, Passion for Perfection Inc.*

Sa panahon ng pandemya kung saan maraming kaganapan at pagbabago na nakakahamon sa kaayusan ng pagtatrabaho at katatagan ng mga lugar na pinagtatrabahuhan, mahalagang linawin ang ugnayan ng ginhawa at trabaho. Sa sesyong ito, susuriin ang kalakaran bago pa ng pandemya at sa ngayon tungkol sa kaugnayan ng ginhawa sa paghahanap buhay, at pagsasaalang-alang nito sa trabaho. Bibigyan ng pansin ang mga inisyatibo sa panahon ng pandemya na kapaki-pakinabang tungo sa mahusay na pagsasakatuparan ng mandato ng RA 11036 na dalhin ang ginhawa sa trabaho. Sasakupin ng pagtalakay ang trabaho hindi lamang sa loob ng opisina kundi pati na ang trabaho na hindi nangangailangan ang pagiging empleyado o pagkakaroon ng opisina.

**Paano Tayo Mabubuhay sa Ating mga Komunidad at Bilang Isang Bansa Ngayon?: Ginhawa sa Buhay ng Komunidad at Bansa sa Panahon ng Pandemya**

*June Caridad Pagaduan-Lopez, M.D.*
*Retiradong Propesor*

Ang COVID-19 bilang isang pandemya ay lumaganap hindi lamang sa mga komunidad pero sa buong bansa. Dito nagkaroon ng pinag-isang karanasan ang mga Pilipino ng paghihirap at trahedya. Bibigyan ng masusing pagtalakay sa sesyong ito ang pagdanas ng Pilipino sa mga karanasan ng paghihirap na dulot ng pandemya. Tutukuyin ang mga pangkomunidad na mga konsepto at proseso sa pagdanas ng hirap at trahedya na nagbibigay lugar para umusbong ang ginhawa. Tutukuyin rin ang mga malawakang inisyatibo na tinutumbok ang ginhawa ng komunidad at ng buong bansa.

## MGA TAGAPAGSALITA



Si **Violeta V. Bautista, Ph.D., R.Psy., Prof. Emeritus** o Doc Bolet ay isang licensed psychologist, sikotherapist, mananaliksik, guro at advocacy worker. Isa siya sa prime mover sa pagsusulat at pagsusulong ng National Guidelines on Mental Health and Psychosocial Support in Disasters and Emergencies na ngayo'y isa sa mahalagang gabay sa gawain ng DRRM. Si Doc Bolet ay miyembro rin ngTask Force na nagsulat at nagsulong ng RA 11036. Siya ay may higit sa 30 taong karanasan sa sikoterapi. Tumatanggap sya ng mga kliyente sa kanyang mga klinika sa Care and Counsel Wholeness and Training Center, sa UP Health Service at Life Change Recovery Center. Siya rin ang nagpasimula at kasalukuyang Direktor ng UP Diliman Psychosocial Services. Siya ay nakatanggap ng Gawad ng Tsanselor para sa Natatanging Lingkod Komunidad sa taong 2018. Kilala sya sa kanyang mga lathalain, pangkomunidad na mga gawain at workshops tungkol sa resilience, disaster mental health, at pagsulong ng ginhawa. Siya ay naging iskolar ng First NAtional Citibank, Rockefeller, Medical College of Virginia at Gestalt International Education Network.



Si **Divine Love A. Salvador, Ph.D., R.Psy.** ay isang sikolohistang pang-klinika at kawaning propesor ng Departamento ng Sikolohiya sa Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman. Clinical Supervisor siya sa UPD PsycServ, isang programa ng UP Diliman na nag-aalok ng mental health at psychosocial support services. Nagtuturo siya ng mga pang-gradwadong kurso sa Psychopathology, Psychotherapy, Cognitive-Behavioral Therapies, at Existential Therapy. Bahagi ng trabaho niya ang pagbibigay ng sikoterapi para sa mga indibiduwal, pamilya, at grupo; pagsasagawa ng clinical at corporate assessment; pagbibigay ng disaster mental health at psychosocial support services; at pagsusulat para sa print, screen, at educational media. Ang interes niya bilang researcher-practitioner ay tungo sa pagdebelop ng sikoterapíng Pilipino at pagtukoy ng mga etikal at metodolohikal na hamon sa pagsasagawa ng sikoterapi sa mga marginalized clinical populations. Bilang guro, adbokasiya niya ang gabayan ang kanyang mga mag-aaral sa paghubog ng diwang pang-etika kaakibat ng klinikal na pag-unawa.



Si **Rene "TRex** (o Trainer Rex)" **S.L. Resurreccion, M.A.** ay ang Pinuno ng kumpanyang Passion for Perfection Inc., isang negosyong nag-iimbento ng mga larong pangnegosyo at pangkaunlaran at nagpapatupad ng mga pagsasanay na gumagamit ng metodong "experiential." Siya ay isang guro ng Competency-based Economies through Formation of Enterprise (CEFE), Dale Carnegie Course, Gender and Entrepreneurship Together (GET) Ahead program ng ILO, at sa Haggai International sa Hawaii, USA. Siya ang may-akda ng mga aklat na pinamagatang *Pagbibigay, Power to Create Righteous Wealth, Kayamanang Pinagpala ng Diyos, Peratools, Called to Excel, Passion for Excellence*, atbp. Siya ay nagtapos ng MA Development Studies mula sa Institute of Social Studies, Hague, Netherlands at BS Psychology mula sa Unibersidad ng Pilipinas noong 1979. Mayroon siyang regular na kolum sa diyaryong Pilipino Mirror na may pamagat na "Heto Yumayaman." Asawa niya si Angelita Resurreccion at may apat na anak sila - Si Israel, Hannah, Mikhael at Milcah.



Si **June Caridad Pagaduan-Lopez, M.D.** ay Retiradong Propesor ng Psychiatry ng Kolehiyo ng Medisina, Unibersidad ng Pilipinas Maynila. Mayroong siyang 41 taong karanasan sa *psychiatric clinical practice, stress and trauma therapy, Humanistic Medicine* at Karapatang Pantao. Pangunahing may-akda siya ng RA 11036 (The Philippine Mental Health Act of 2016). Mayroon din siyang 36 na taong karanasan sa pagdidisenyo, pagsasagawa ng *stress management, trauma debriefing*, at *counseling and healing workshops* para sa mga tumutugon at nakaligtas sa disaster. Napaunlakan siya bilang isa sa mga Ten Outstanding Women in the Nation's Service noong 1989. Siya ay *Expert Member* ng UN High Commission on Human Rights Subcommittee on the Prevention of Torture na nagsasagawa at nagsusulat ng mga ulat tungkol sa pagbisita sa bilangguan ng 11 State Parties to the Optional Protocol on the Convention Against Torture mula 2012 hanggang kasalukuyan.